

Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata



Ang Babae
Sa Tabi Ng
Balon



Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Lazarus

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Alastair Paterson


Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2020 Bible for Children, Inc.


Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring
makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring
ipagbili.



Si Hesus at ang Kanyang mga alagad ay pumaroon sa Samaria. Sumapit nga sila sa isang bayan ng Samaria na tinatawag na Sikar.



May isang balon doon na inigiban ng mga tao sa Sikar ng inuming tubig.



Ang maagang hapon ay maaring
maaraw at mainit. Pagod na pagod,
si Hesus ay umupo sa tabi ng balon
habang ang mga alagad ay umalis
pumaroon sa Sikar upang



bibili
ng pagkain.





Si Hesus ay
nagisa -ngunit
hindi matagal.
Isang babaiing
nakatira
sa Sikar

ay dumating
upang iigib ng
tubig.



"Bigyan mo
ako ng inuming
tubig." Sinabi
ni Hesus
sa babae.



Ang babae ay nagulat. "Paano
ngang ikaw ay isang
Hudio ay humingi ng
maiinum sa akin
na ako'y babaing
Samaritana?"

Nagtanong
ang babae.




Sa panahong iyon, hindi
nangakikipagusap ang
mga Hudyo sa mga
Samaritano.



Marahil lalo siyang nagulat
nang sinabi ni Hesus,
"Kung alam mo
nang sa iyo ay
nagsasabi,
painumin mo ako,
ikaw ay hihingi sa
kanya at ikaw ay
bibigyan niya
ng tubig na
buhay."



Sinabi ng babae kay Hesus, "Ginoo, wala kang sukat isalok ng tubig, at ang balon ay malalim. Saan nga naroon ang tubig na buhay? Dakila ka pa baga sa aming ama na si Hakob, na sa amin ay ibinigay ang balon....?"



"Kung sino man ang iinum ng tubig na ito ay mauuhaw muli," Sinabi ni Hesus sa babae. "Ngunit kung sino man ang iinum ng tubig na ibibigay ko, siya ay hindi mauuhaw."



Ang tubig na ibibigay ko ... ay sa
kanya magiging isang
balon na nagbubukal
sa kabuyang walang
hanggang." "Ginoo,
ibigay mo sa akin
ang tubig na ito."

Ang sabi ng
babae.




Inutosan ni Hesus ang babae na tawagin niya ang kanyang asawa.


"Wala akong asawa," ang sagot ng babae. "Nagkaroon ka ng

limang mga asawa," sinabi ni Hesus.


"At ang nasa iyo ngayon ay hindi hindi mo asawa."




Nahalata ng babae na si Hesus ay isang propeta. Sinikap ng babae na makipagtalonan kung saan magsamba ng Panginoong Diyos: ...




... Sa Herusalem o ang bundok na banal sa Samaria. Sinabi ni Hesus na ang tunay na sumasamba ay sumasamba sa Ama ayon sa espiritu at sa katutuhanan.



"Alam ko na paririto ang Mesias,"
Ang sabi ng babae kay Hesus. "Kung
siya'y darating, ipahahayag niya sa
amin ang lahat ng mga bagay." "Ako
na nagsasalita sa iyo ay siya nga."



Sinabi ni Hesus sa kanya. Sa ganito, dumating ang mga alagad. Iniwan ng babae ang kanyang banga sa tabi ng balon at bumalik sa bayan.




"Magsiparito kayo at tingnan ninyo ang isang lalake na nagsasabi sa lahat ng aking mga ginawa," Sinabi ng babae sa mga lalake sa Sikar.



"Si Kristo ba
kaya siya?" Ang
mga lalake ay
umalis sa bayan
at pumunta
sila sa balon
upang makita
lamang si
Hesus.




Sa mantala, sinabi ng mga alagad kay Hesus na kumain siya. Ngunit sinabi ni Hesus, "Ang pagkain ko ay gumawa ng kalooban ng nagpadala sa akin dito sa mundo, at tapusin ang kanyang gawain."




Ang gawain niya ay hikayatin and
iba para sa Panginoong Diyos.




Maraming
mga taga
Samaria
na
naniwala
sa Kanya
dahil sa
salita ng
babae.



Tinanong
nila si
Hesus
kung
maaring
manatili
siya sa
kanila; ...






... at siya'y
nanatili ng
dalawang
araw.
Maraming
naniwala
dahil sa si
Hesus
mismo ay
nagsilita.



Sinabi nila, "...Naririnig namin siya
at alam na naming na ito ay si Kristo,
na Taga-
pagligtas
sa buong
mundo.



Ang Babae Sa Tabi Ng Balon

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Juan 4

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130





Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.



Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa
Diyos araw-araw! Juan 3:16

